
ANG KUSOG san rebolusyon
PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO
Enero - Marso 2014

EDITORYAL

Wakasan at di paligtasin ang hari ng pork barrel na si Benigno Aquino III at hadlangan ang pagpalawak ng FRC sa pagmimina sa probinsya ng Masbate

Patuloy na nagsusulputan ang mga tumistigo o nagpapatunay na mismong ang gubyerno ni Benigno "Noynoy" Aquino III ang may malinaw na responsable sa nalantad na pagnanakaw sa pork barrel.

Ang senaryong paghearing ng senado sa katiwalian ng pork barrel ay mas nag-eduka sa taumbayan na kahit ilang doble na ang nagpatunay o tumistigo para ilantad ang katotohanan sa nakawan na ginagawa ng mga nasa loob mismo ng gubyerno ay hindi basta mapanagot basta't malaki ang nakulimbat. At hindi maubos sa pagastos para depensahan ang kanilang mga sarili at nagtuturuan kung sino ang legal o ilegal na nagnakaw sa kabang-yaman ng bayan mula sa nakolektang buwis ng Goverment Owned and Control Corporation at Malampaya Fund.



Subra sa sapat ang katunayang ito para wakasan na ang korap, papet at brutal na paghahari ni Aquino na walang ibang ginagawa kundi sumunod sa utos ng kanyang among kano. Na sa ngayon ay parang inaaliw ang mga tao sa ginagawa nilang senaryo para lamang makapagtapos sa kanyang termino hanggang 2016 at maiplastar ang reserbang kabayo ng kanyang among Amerikano sakaling mahirapang makalusot ang itinutulak na charter change para baguhin ang 1987 konstitusyon ng bansa.

Ang pagkalantad bilang hari ng pork barrel ni Benigno Aquino III ay nagtulak mula sa mahihirap hanggang sa may mataas na lebel sa lipunan, propesyunal at lahat ng sektor upang kumilos, magkaisa at hindi na magdadalawang-isip na lumahok at sumuporta sa lahat ng anyo ng pakikibaka para singilin at wakasan na ang paghahari ni Aquino.

Anu't ano pa man ang iba't-ibang palusot o pagsasalba ng palasyo sa pamumuno ni Aquino ay hindi na niya kayang linlangin ang tao para takpan ang katotohanan ng garapalang korapsyon, kapabayaan sa mga biktima sa mga sakuna. Walang solusyon sa patuloy na dumaraming nagugutom at nawawalan ng trabaho sa kabila ng tumataas na presyo sa lahat ng mga bilihin at ang mga serbisyo at proyekto ng gubyerno na nagiging titulo ng pagnanakaw o pandarambong sa pundo ng bayan.

Sa lumalabas ngayong senaryo sa hearing ng senado sa pork barrel ay parang pinapapili nalang nila ang tao kung aling paraan sa pagnakaw ng mga nasa poder ng pamahalaan ang makatarungan kung ang "legal o ilegal". Malinaw na sa simpleng mga titulo ng proyekto ay pepirmahan agad ng Department of Budget sa utos mismo ni Aquino.

Ngayon magtataka pa tayo at maniwala sa ganyang lebel na hindi mismong ang hari ng pork barrel na walang iba kundi si Benigno Aquino III ang nagpasimuno at papaniwalain pa nila ang mamamayan na kaya silang imaniobra at lusutan. Sabihin pa na nalusutan sila sa pamimiki ng pirma at mga papeles. Wala pala silang kapasidad para pangatawanan ang pundong ipinagkatiwala ng taumbayan sa kanilang pamahalaan na dapat niyang panagutan.

Isang insulto na papaniwalain nila ang tao lalo na't ginastusan ng malaking halaga ng rehimeng Aquino ang isang biyahe lang ni Janet Lim Napoles. Kasabay ang Special Action Force na mga sasakyan bilang comboy at mga hagard na motorsiklo na umabot sa 120,000 pesos ang gastos noong Pebrero 26 ng kasalukuyang taon.

Kung masinsinang subaybayan ang pagdinig sa senado ng nabulgar na korapsyon at nakawan at pangangalaga ng rehimeng US-Aquino kay Janet Lim Napoles. Lumalabas na kapag ang isang tao ay magnakaw sa pera ng taum-bayan ng milyon-milyong halaga ay magiging espesyal ang pagtrato sa kanya lalo na kung hindi kalaban sa pulitika.

Ito ang ipinagkaloob ng hari sa pork barrel na si Benigno Aquino III sa pork barrel queen na si Janet Lim Napoles. Matapos mahuli at nalantad sa matinding pandaraya at pagnanakaw ay ginagastusan ito ngayon sa pera ng taong-bayan pati ang maraming pulis at sundalo upang bantayan. Hindi dahil baka makatakas kundi laban sa galit ng mga biktemang mamamayang Pilipino. Na kung susumahin mula sa pagkahuli kay Napolis hanggang sa kasalukuyan ay umabot na sa 1.6 milyong pesos ang ginastos ng gubyerno para sa isang magnanakaw sa pera ng sambayanang Pilipino.

ANG KUSOG san rebolusyon
PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO

Ang Kusog ay inilalabas sa pinagsama na lengwaheng Tagalog, Masbatenyo at Cebuano.

Tumatanggap kami sa mga kontribusyon sa anyo ng artikulo, balita, kinumpusong tula at kanta. Iniingganyo namin ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ika-uunlad ng ating pahayagan. Maabot kami sa pamagitan ng pagbigay sa mga kasamang kumikilos sa inyong mga lugar saan mang bahagi dito sa ating probinsya.

Nilalaman

Editoryal: Wakasan at di paligtasin ang hari ng pork barrel na si Benigno Aquino III at hadlangan ang pagpalawak ng FRC sa pagmimina sa probinsya ng Masbate 1
Masiglang pagdiriwang sa ika-45 Anibersaryo ng PKP at ika-30 taong pagpundar sa probinsya ng Masbate 4
Pagmimina sa Masbate, pinagbibihis-banal 5
An Pork barrel PDAF, DAP at Malampaya Fund kag an iya Porma 6
Pagklaro gikan sa Jose Rapsing Command CPP-NPA, Masbate sa nahitabong pagsilot kang Celestino Atibagos 8
Oplan bayanihan pwersahang ginagamit ang Dep-Ed para ilayo ang isyu sa sabwatang FRC, army at pulis at pagmukhaing maka-diyos sa probinsya ng Masbate 9
Isaulog ang ika-45 Anibersaryo ng NPA sa Pilipinas ug ika-30 tuig nga pagpundar sa Masbate 10
Mga Balita 10
Kultura 14


Ang **Ang Kusog** ay inilathala 1 beses kada tatlong buwan sa probinsya ng Masbate

Para sa lahat na Masbatenyo ay hindi na tayo ligtas sa pagiging biktima ng gubyernong Aquino. Kaya hindi na tayo aasa ng kung sinuman sa gubyernong reaksyunaryo para sugpuin o kaya'y patigilin ang Filminera Resource Corporation sa pang-aagaw ng lupa para dambungin ang mga yamang minerals ng ating probinsya. Dahil mismong ang gubyerno ang nagsabi na legal ang ginagawang pang-aagaw ng kabuhayan ng FRC dahil sa mining Act of 1995 matapos palayasin ang mga magsasaka sa Aroroy. Maging ang mga dating nabubuhay sa maliitang paghuhukay ng ginto ay nabiktima, nawalan ng kabuhayan at hindi na makapagpaaral sa kanilang mga anak.

Subalit ang mas masakit na ang ilang taga-LGU ay nagtaksil sa ating kababayang Masbatenyo matapos tanggapin ang malaking halaga mula sa FRC para lang payagan ang mga paglabag ng FRC sa mga karapatan ng mga Masbatenyo at sarili lang nila ang kanilang isinalba. Sa kabila nito ay marami-rami din naman ang nasa LGU na nanahimik nalang dahil sa takot ng malaman nilang nagkaroon ng sabwatan ang Filminera Resource Corporation, army at pulis.

Pero ngayong nalantad na ang pagpalawak pa ng FRC sa bayan ng Mobo, Uson at Milagros sa tulong ng mga army at pulis upang hawanin ang daan laban sa kilusan para makapasok sa bulubunduking bahagi ng mga bayang nabanggit ang pagmimina nito. At para walang hadlang at hindi maipaglaban ng mga mabibiktema ang kanilang mga karapatan para mabuhay.

Tiyak at walang duda ang pagkakaisa ng mga Masbatenyo ay lalo pa na mapaunlad para depensahan ang sarili sa napipintong kapahamakan. Na walang ibang paraan kundi kumilos at sumuporta sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamumuno ng Partido at sa pangunguna ng bagong hukbong bayan maging ng milisyang bayan. At lalong itaas pa ang antas ng mga matagal ng nakatayong OKP sa antas ng mga barangay sa ibat-ibang bahagi ng kabayanan sa probinsya ng Masbate.



Para hindi payagang mangibabaw ang sabwatang FRC, army at pulis na simpleng kamkamin at dambungin ang mga yamang minerals galing sa Masbate. Hakutin patungo sa ibang bansa at sa kalaunay maiwang desyerto, puno ng nakakalasong kemikals ang malawak na kalupaan ng Masbate bukod pa sa kagyat na mangyari tulad sa nangyari sa bayan ng Aroroy. Mawalan ng kabuhayan ang mga magsasaka dahil kakamkamin ng FRC ang kanilang sinasaka, magkaroon ng lason ang inuming tubig dahil sa kemikals na maaring ikamatay ng mga tao, mga hayop sa magsasaka at rantsero, mga isda sa fish fund at malawak na dagat sa paligid ng buong Masbate na pinagkukunan ng hanapbuhay ng mangingisda.

Ngayon na ang tamang panahon para lahat magkaisa, magbigkis laban sa katiwalian ng pamahalaan sa pambansang saklaw. At ang lahat na Masbatenyo ay magkaisa sa pangunguna ng rebolusyonaryong kilusan laban sa dayuhang mina na pinagunahan ng FRC kasabwat ang army at pulis. Magkaisa sa layuning itayo ang gubyerno ng mamamayan na mahigpit na ipinagbabawal sa tao ang nang-aapi sa kapwa tao. Para madama ang tunay na pagbabago sa pamamagitan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong ng bayan sa pamamagitan ng digmang bayan at kamtin ang estratehikong pagkapatas.

Masiglang pagdiriwang sa ika-45 Anibersaryo ng PKP at ika-30 taon na pagpundar sa probinsya ng Masbate

Punong-puno ng sigla alinsunod sa panawagan ng PKP ang isinagawang pagdiriwang sa ika-45 Anibersaryo ng PKP at ika-30 taon na pagpundar sa kilusan dito sa probinsya ng masbate na ginanap noong nagdaang Disyembre 26, 2013. Umabot sa 3,565 katao ang dumalo sa 11 lugar na itinakdang pagtitipunan upang magsagwa ng mga programa. Napakasigla, dahil sa patuloy na paglakas at pagsulong ng lahatangpanig ng gawain para kamtin ang rekisito sa patas ang nakamit nitong nagdaang mga taon.

Matagumpay na naidaos ang sabay-sabay na mga pagtitipon na ikinalat sa ibat-ibang bahagi ng tatlong distrito sa loob ng probinsya upang ligtas na makaiwas mula sa patraydor na atake ng mga kaaway kapag sa iisang lugar magtipon na madaling matukoy ang ganoon karaming tao.

Ang halos sabay-sabay na labing isang pagtitipon na sa unang distrito palang ay tatlong magkahiwalay na barangay ang dinaluhan ng mahigit 1,100 katao mula sa isla ng Ticao at Burias. Sa ikalawang distrito ay 3 magkahiwalay na barangay din na dinaluhan ng mahigit 1,600 katao habang sa ikatlong distrito ay nagkaroon ng 5 magkahiwalay na mga barangay na dinaluhan ng mahigit 865 katao.

Sinimulan sa pagwagayway sa bandilang may maso't karet ng Partido, pag-awit ng internationale at ang mga numero ng programa ay nilahukan sa mga nagtatalumpati. Mula sa hanay ng Partido, hukbo at masang galing sa mga nakatayong OKP na nagrepresinta ng iba't-ibang sektor at alyado. May mga nagtanghal ng drama, dula at awit at lahat na mga numero ng programa ay naglalarawan sa mga pagsulong ng lahatang-panig sa gawain sa ideolihiya, pulitika at organisasyon kung saan sumasalamin sa lalim at lawak ng pagkaugat sa masa.

Ang inabot ng rebolusyonaryong kilusan sa probinsya na masasabing mahabang karanasan sa praktika sa loob ng 30 taon na pagpupundar sa kilusan sa probinsya ng Masbate ay sapat at handa ng maging puhunan para sa yugto ng pagkapatas.

Hinahamon ang mga namumunong komite ng Partido sa lahat ng antas sa loob ng probinsya na ibayong magsikap, magtutulungan at magpupunyagi para lalong mapatatag pa ang kolektibong pamumunuo. Sundin ang mga batayang prinsipyo ng organisasyon upang higit na maisulong ng tuloy-tuloy ang mga gawaing ginagampanan ng mga kasapi ng Partido, hukbo, milisyang bayan at masa. Lalong pasiglahin at iangat ang lebel ng mga matagal ng nakatayong OKP mula sa mga barangay patungo sa munisipalidad nitong taong 2014 at iwasan ang mga pang-aatake ng kaaway sa pamamagitan ng bigo at inutil na oplan bayanihan.

Ang lahat ng inabot na pag-unlad ng ating mga gawain ay alay natin sa lahat ng nagbuwis ng buhay. Nagsimulang naunang mga kasama at masang nagpundar dito sa probinsya lalo na't nariyan ang mga aktibo at walang-sawa at pagod na nagsakripisyo para higit pa na isulong ang ating digmang bayan sa hinihinging antas sa kasalukuyan.



Pagmimina sa Masbate, pinagbibihis-banal

Pilit na nagbibihis-banal ang sabwatan ng Filminera Resources Corporation (FRC), 9th ID ng Philippine Army at PNP-Masbate sa kanilang pakanang palawakin ang pagdambong sa yamang mineral ng isla.

Planong magdaos ng misa ang mga sundalong pari ng 9th ID sa iba't ibang barangay sa Masbate. Kakumbina nito ang armadong pagsalakay ng militar at pulisya sa mga taumbaryo, na ang ultimong layunin ay hawanin ang daan para sa higit pang pagkulimbat ng FRC sa yamang mineral ng Masbate na dapat sana ay para sa pakinabang ng mamamayan. Gagawin muna ang mga misa sa ikatlong distrito (mga bayan ng Cataingan, Cawayan, Dimasalang, Esperanza, Palanas, Pio V. Corpuz, Placer at Uson) at kalaunan sa iba pang bahagi ng prubinsya.

Sa pamamagitan ng mga misa, pagmumukhaing mababait at maka-Diyos ang mga sundalo at pulis, at pagtatakpan ang malahalimaw na pagwasak ng FRC sa mahigit walong libong ektarya ng kalupaan sa bayan ng Aroroy. Mula 2009 ay nagmimina na ng ginto ang FRC sa naturang bayan, sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng mamamayan. Kaliwa't kanan ang reklamo ng iba't ibang sektor sa Aroroy laban sa Filminera, mula sa maliliit na minerong pinalalayas ng higanteng minahan, hanggang sa mga magsasaka at may-ari ng fishpond na nasisiraan ng kabuhayan dahil sa basura ng minahang bumabagsak sa kanilang mga palayan at palaisdaan.

Ang Filminera ay nasa ilalim ng Masbate Gold Project, na siyang pinakamalaki sa buong Pilipinas sa ngayon. Mula Hunyo 2009 hanggang Hunyo 2010, kumita ang FRC ng $38.4 milyon mula sa tone-toneladang gintong na mina nito sa Aroroy, kapalit ng malawakang pinsala sa mamamayan.

Kaya ang nasa likod ng maskara ng kabanalan ay ang malawakang pang-aagaw sa lupa at pagkawasak ng kabuhayan ng mga maralita at iba pang sektor.

Ito ang mukha ng Oplan Bayanihan sa Masbate. Ang panlilinlang ay isasakatuparan ng mga sundalong pari, at ang armadong pagsalakay naman ay isasagawa ng mga Division Reconnaissance Company at mga pwersang panagupa ng PNP.

Samantala, tuluy-tuloy naman ang paniniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Gagamitin din ang iba pang ahensya ng pamahalaan, katulad ng Department of Education at mga lokal na gubyerno, upang kumuha ng impormasyon laban sa mamamayang lumalaban at magkalat ng mga kasinungalingan. Layunin nitong hadlangan ang pag-abante ng pagrerebolusyon ng mamamayan, at bigyang-daan ang pagsasamantala ng malalaking kapitalista.

Sa harap ng gayong panganib sa buhay at kabuhayan ng mamamayan, nanawagan sa mamamayang Masbateño ang Jose Rapsing Command ng Bagong Hukbong Bayan sa probinsya na labanan ang napipintong muling paninibasib ng FRC sa tulong ng AFP at PNP. Huwag nating hayaang muling agawin at wasakin ang mga kalupaan, kamkamin ang yamang mineral, lasunin ang mga tubig, at patayin ang yamang dagat ng Masbate. Huwag pumayag na muling supilin ang mga karapatan ng mamamayang Masbateño sa buhay at kabuhayan, at paslangin ang mga kapamilya at kaibigan. Labanan din ang panunuhol at mga pangako ng huwad na pag-unlad.

Nanawagan din ang Jose Rapsing Command sa mga opisyal ng pamprubinsyang gubyerno, mula sa gobernadora hanggang sa mga kapitan ng barangay, na pumanig sa mamamayan at huwag pahintulutan ang ibayo pang pananalasa ng FRC. Gayundin, hinikayat ang mga taong-simbahan, mga propesyunal, at mabubuting alagad ng masmidya na itakwil ang tusong paggamit ng AFP-PNP ng mga misa upang isulong ang mapagsamantalang interes ng Filminera.

Anang BHB-Masbate, hindi kailanman mapagtatakpan ng mga isasagawang misa ang kabuktutan ng FRC at ng mga tagapagtanggol nitong AFP-PNP. AK

An Pork barrel PDAF, DAP at Malampaya Fund kag an iya Porma

An Pork Barrel amo an mga kwarta san publiko na ginkaputan san gobyerno na amo an ipanghatag pakadto sa mga pulitiko na opisyal san gobyerno. Inin nasabi na pundo waran klarado na pagagamitan, nakadepende lang ini sa nano man na personal na gustong pagagamitan o gastusan san pulitiko bilang opisyal san gobyerno, ginatawag ini ninda na discretionary fund.

May pork barrel para sa mga nagahimo san laye (senador kag kongresista sa mga distrito kag mga partylist). May para sa mga departamento na ginapanag-iyahan san gobyerno na ginatawag sin GOCC – Goverment-Owned and Controlled Corporations hasta man sa Bise-presidente kag sa Presidente san Pilipinas. An Priority Development Assistance Fund (PDAF) ang pinakakilala na porma san pork barrel. Ini an alokasyon para sa mga senador kag kongresista. Bilang bahin sa kada tuig nabudyet na ginaaprobahan san Presidente.

May mga pork barrel na wara iagi sa kongreso kag senado mahinungod sa kada tinuig na budyet. Ginatawag ini na "off-budyet" kapareho san Presidential Social Fund (PSF). Bisan may audit sani na pundo pero dili ginalabas sa publiko an resulta, na kun minsan inda man iguwa paglabay na san 4 - 5 katuig ini na mga pork barrel. Ginatuyo nila ini para dili pweding i-audit san gobyerno an intellegence fund na inda hatagan halos tanan na opisyales. Magtuna sa Presidente na si Benigno "Noynoy" Aquino pakadto sa mga Mayor san lungsod para magamit pagmasid kun sin-o an mga ginadudahan ninda na mga rebeldeng komunista.



Dako na parte san pork barrel naghali sa buhis na ginbayad san mga trabahador na pumuluyo na gin bawas na sa sweldo kag ikarga sa mga baraklon. Na ginatawag ninda na Expanded Value Added Tax o E-VAT. May hali man sa negosyo na kontrolado san gobyerno pareho san pasugalan na ginatawag ninda na PAGCOR- Philippine Amusement and Gaming Corporation.

An PDAF kada tuig san mga senador 200 milyon kag an sa congressman 70 milyon, na kun sumadahon kada tuig an PDAF san senador kag kongresista masobra sa 25 bilyon na aprobado ini san presidente. Para makuha an pork barrel kinahanglan magsumite sinda san listahan san mga proyekto sa DBM na nasa idalum sa opisina san presidente. Pagkahuman na maaprobahan ipaguwa na san DBM an SARO – Special Allotment Release Order. Para matunaan dayon an "bidding" na an resulta ipagasumite sa DBM agud makapaguwa san "notice of cash allocation" bilang pagpamatuod san bayad sa konstruksyon.


Para sa proyekto na may duha na klase na ginatawag na "soft and hard projects", na an sa "hard projects" amo an paghimo san mga imprastraktura (school building, tulay, farm to market roads kag iba pa) kag an "soft projects" isad san inda ginatumod an "medical" na inda ginagarantiya para sa ikaayong lawas, agod kuno ibulig sa mga ilista ninda na pasyente. Pero sa bisan sa ano man na rason ini na mga pundo maga-agi sa pag-aprobar san presidente kaya madali lang kaayo ninda mahimo an pagpangawat sa pundo. An kapital lang para maluko ninda an pumuluyo amo an islogan na "tuwid na daan" ni Pinoy.

Sa implementasyon san mga proyekto may karapatan na magpili an sin-o man na kongresista kon kanay NGO – Non-Government Organisation an iya ikontrata para sa implementasyon. Bisan pa wara mabutang sa laye an pagtugot sani na pwede ipaagi sa NGO. Didi sani na parte naton klaradong makikita an kabilugan na hitsura kon gin ano ninda pagmaniobra an PDAF.

Narelis an kwarta bisan waran implementasyon san proyekto na gitawag ninda ini na "ghost projects". Dugay na kag wara pa si Napoles nangyari na ini, kag sinda mismo na nagahimo san laye amo an nagatukdo sa mga kakunsabo ninda na NGO. Pero yana gusto pa ninda ihan-ok sa kan Napoles an kaurit san mga tawo para makalikay an mga kurakot kag malegalisa an mga pagpinangawat sa buwis na ginakaputan san gobyerno. Sani na parte klarado na nasabat na an hunga san kadamuan kon nano kay masayon lang kaayo na ginakawat kag ginabahin-bahin ninda an kwarta na para untani ibalik sa pumuluyo. Tungod kay mismo an mga ada sa gobyerno an nasa likud sani, gamit an legal na mga laye. Nagtuna ini san panahon pa ni Marcos nagin tawag inin Pork barrel. Pero san mga nakaagi na mga presidente nag-insister na ini sa iba ibang pangaran. San dida na nabulgar an pagpangawat ginbalyuhan ini san Country Wide Development Fund (CDF) san panahon ni Cory. San panahon naman ni Ramos naglutawan naman ang pagpangawat, didi binalyuhan naman sin pangaran na PDAF. Ini an nagalutaw na rason nano kay naga paratyanan an mga pulitiko gamit an inda mga alalay para lang makaingkod sa poder agod sinda an makaprobitsar san pork barrel.

Dili lang PDAF an porma san pork barrel, an kamatuodan mas dako pa sani an napakadto sa pork barrel ni Noynoy Aquino. Para dili mabulgar na isad man ini na pork barrel gintawag ini ninda na Special Purpose Fund (SPF) na nagakantidad sin 449 bilyon. Wara ini detalye kon ano an pagagastuhan, basta kay para daw sa calamity og life inssurance, pero klarado na hali ini sa buhis san mga ordinaryong Pilipino.

An PSF - Presidential Special Fund na maabot sa 5.256 bilyon kita ini hali sa PAGCOR, MGF o Malampaya Fund na nagtuna pa san 2002 hasta sa 2013 na para daw ini sa mga pamilya san sundalo kag kapulisan. Pero makaluluoy an mga ordinaryo na sundalo kag pulis kay wara man sin nadadawat. An 165 bilyon naman amo an hali sa kita san buhis sa natural gas sa kadagatan na sakop san Palawan na gitawag ninda na "West Philippine Sea". Kada tuig abot sa 13.75 bilyon an ginakita pero dili ini gina-audit. Para sani na tuig 2014 kon sumahon an pork barrel ni Noynoy Aquino maabot sa 1.3 trilyon pesos halos katunga kung kwentadahon an budyet na mapakadto sa presidente sa tuig 2014 kay ang aprobado ninda na budyet 2.26 trilyon lang.



An **DAP** o Disbursement Acceleration Program amo an ilegal kag wara sa laye san konstitusyon san Pilipinas. Ginbulgar ini san Integrated Bar of the Philippines (IBP) tungod kay alokasyon ini na wara mag-agi sa laye sa pagalokar, na ginpalutaw lang na natipon hali sa mga kwarta na ibinalik sa baol o (kaban) san gobyerno. An IBP amo an grupo san tanan na mga abogado sa bilog na nasyon. An DAP amo ini an gingamit ni Aquino na dili nya baton na kaparte ini san PDAF para makalikay siya sa pagkabulgar san pagpangawat sa PDAF.

Klarado na kaparte sa inda pagpangluko sa katawhang Pilipino, amo na sa yana dili na kita dapat na mag-paluko kag magpagisa sa aton sadiri na mantika. Kaya maghiwag kita magkaurusad an tanan na katawhan, ibasura an pork barrel kag direkta ini na ibutang sa pundo sa kalusugan kag edukasyon, kag sa iba pa na pang-serbisyo (sosyal) sa katawhan para dili na ipaagi sa nakaandan na ninda na ginahimo na pagpangurakot kag pagpangawat gamit ang laye.

Pagklaro gikan sa Jose Rapsing Command – CPP-NPA Masbate sa nahitabong pagsilot kang Celestino Atibagos

Sa miaging Septyembre 19, 2013 gisilutan si Celestino "Bobong Tino" Atibagos tungod sa kasong pagpanglugos kaniadtong Agusto 27, 2013 alas 7 sa gabie. Walay kaluoy nga giguyod og ilang gitabangan sa paglugos ang usa ka may depekto sa pangisip nga babaye nga may pangidaron 18 pa 20 anyos.

Ang maong babaye naabot sa lugar og gipakaon kini sa tagbalay pero pagkahuman dihang mongit-ngit na bandang alas 6 sa hapon gidala kini ni Tino. Gitambagan siya nga dili buhatan og daotan apan diretso niya kining gidala nakita pa usab kini sa duha nga metistigos mentras giguyod ni Bobong Tino Atibagos og gipugos pagpasulod sa payag sa tindahan nga walay tawo. Kay may tawo lamang kini panahon nga may tyangi aron mamaligya.

Kining maong hitabo nga walay kaluoy subra pa sa hayop nga buluhaton nga mibiktema sa babaye nga may dipekto pa gayod sa pangisip didto sa Sityo Tyotoy, Santa Cruz, Palanas kundiin didto nila kini gipulipulihan sa paglugos.

Duha katawo ang aktwal nga nakakita sa akto. Apan tungod sa kahadlok nga masuko ang grupo nila Bobong Tino wala nalang kini nila hilabti dihang ilang naagihan og naispatan mentras nagpatong pa si Bobong sa babaye nga walay nahimo sa pagpanalipod sa iyang kaugalingon batok sa kahayupan nga gibuhat sa grupo nila ni Bobong Tino.

Kining maong pagklaro gihimo para mahayagan ang tanan nga nahatagan sa gibuhat og gipalukop nga mensahe sa cellphone para palutawon sa panaghoy ni Bobong nga mahimong dudahan og kawad-an sa pagsalig ang mga lider sa atong goberno sa bukid og mabaliwala nalang ang dautan nga binuhatan sa ilang grupo nga nasudlan ni Celestino "Bobong Tino" Atibagos.

Gawas pa sa iyang pagkamanlulugos bog-at og dili mapasaylo ang iyang binuhatan nga pagka-impormer og giya sa operasyon sa mga militar. Tulo ka beses nga adunay mga nakasaksi sa iyang paggiya sa operasyon para atakihon ang mga kasama. Gani sa pag-agi nila sa Sityo nalibang pa man sa may nataran sa balay ang ilang kauban nga militar tungod nagduda nga may isnayper duol sa ilang posisyon dihang wala nila maabti ang mga kasama nga daling nangita og posisyon para unta og moabante ang mga militar nga gikuyogan ni Bobong Tino Atibagos makadepensa sila. Mismong ang tag-iya sa balay nailhan og misaksi nga kauban si Bobong Tino. Tukma sa deklarasyon sa tag-iya sa balay nga gikalibangan ang ilang nataran.

Membro usab si Bobong Tino Atibagos sa sindikato nga ang trabaho, pagpanulis, hold-uper, para baligya og shabu, nagpakaaron ingnon nga NPA. Kini na maong grupo gipaluyohan usab sa mga militar og nagsilbi usab kining goons sa mga pulitiko nga makaabot sa pagbayad sa ilang serbisyo nga pagpanghadlok og pagpatay sa ilang gustong ipatudas.

Kini ang mga kagrupo ni Bobong Tino Atibagos nga nauna nang nasilotan, Tingting Sita, Tingting Abila, Aldrin Arisobal, Romar Apable, og napriso sa bulwagan sa Masbate City na si Pito Perez mentras dali nga nakasibat og milayas sila Gaga Atacador, Odan Adoptante. Ang uban pa dili kinahanglan nga ibulgar ang ilang pangalan labi na sa usa nilang kauban nga may tsapa sa pagka-membro sa militar nga karon hugot nga gibantayan sa mga kasama para dili na makatukod og bag-ong grupo para mupaantos na usab sa ilang mahimong biktema nga dali kaayo nilang ipasangil sa mga kasama og mahuman ang ilang dautan nga trabaho nga mahimong makatoo ang dili masayod sa kamato-oran.

Nasayod kami nga daghan ang nakaila niining maong grupo nga puno sa kahadlok ilabi na sa mga biktema nga ilang natulisan nakawatan og mga gipamatay nga karon nahatagan na og hustisya.

Ang naglukop nga mensahe sa cellphone nga "panaghoy ni Bobong", mailarawan nalang kini nga kabahin sa kakonsintedor sa iyang mga nahimong krimen tungod wala masayod sa kinatibuk-an nga binuhatan sa

ilang igsoon. Ang naghimo niini og magklaro sa tanan nga dili kini makahatag og pagduda sa kamatinod-anon sa pagserbisyo sa mga NPA. Nga daghan na ang nagbuhis sa ilang kinabuhi para dipensahan nga dili mabiktima sa mga dautan ang pumuluyong Masbatenyo. Pinaagi sa pagkusog sa rebolusyonaryong kalihukan para matukod ang gubyerno nga ang pinakasentrong balaod ang pagdili sa tawo nga makahimo og dautan batok sa iyang isig katawo.

Edukasyunal nga pagpasabot sa mga nakahimo og sayop para mubalik sa tama para hingpit nga mapukan ang gubyernong dili makiangayon og magpatigbabaw ang demokratikong rebolusyon sa katawhan.

Mao nga sa tanan na nakahimo ug sayop ginaagda kamo na magbalik sa insakto ug biyaan na ang dile maayong binuhatan. Gusto sa kilusan na atong tumanon o sundon ang pinakasentrong balaod niini nga mao ang mahugtanong "pagdile sa usa ka tawo nga maghimo ug malain sa kapareho niya tawo".



Oplan bayanihan pwersahang ginagamit ang Dep-Ed para ilayo ang isyu sa sabwatang FRC, army at pulis at pagmukhaing maka-diyos sa probinsya ng Masbate

Sinimulan nitong buwan ng Pebrero ang implementasyon ng oplan bayanihan sa mga eskwelahan. At pwersahang ginagamit ang mga opisyal ng Dep-Ed para sumama sa kanila na mistulang hinohostage para hindi maatake ng mga kasapi ng Jose Rapsing Command.

Matapos malantad sa mediya ang kanilang layunin na pagmukhaing banal ang sabwatang Filminera Resources Corporation, army at pulis sa anyo ng pag-implementar sa oplan bayanihan na sisimulan sa ikatlong distrito bago pasukin ang iba pang bahagi ng probinsya ng Masbate. At sa kasalukuyan ay naisagawa na nila sa mga barangay na saklaw ng bayan ng Cataingan at Cawayan habang naghahanda para papasok sa iba pang bayan.

Dahil sa maagang pagkalantad sa mas mediya ay napilitan silang iwasang banggitin ang paglaban sa rebolusyonaryong kilusan at pawang laban sa droga at masamang bisyo, panalangin o pagbasa ng bibliya ang kanilang topiko. Kasabay ang paglilinaw na hindi sila mga millitar pero totoong nakatira sila sa camp crame sa Manila. Ito'y sa kabila ng katotohanan na sila mismo ang nagkoordina sa mga supervisor ng eskwelahan para samahan silang pumasok sa lahat ng eskwelahan dahil mga pari silang sundalo na ipinadala mula sa camp crame.

Subalit ng umayaw ang mga opisyal ng Dep-Ed dahil wala namang order ang kanilang superyor ay pinipilit nila ito hanggang nasunod ang kanilang kagustuhan. Gamit ang sasakyan ng Dep-Ed at ang sasakyan ng mga eskort na pulis at sundalo papunta sa mga eskwelahan. Sa unang araw ay mga estudyante at kinabukasan ay ang mga magulang ang ipinapatawag na laking abala sa mga kabataan at magulang dahil sa kanilang ginagawa o gawain. Kaya naman sana itong gawin ng mga taga-Dep-Ed at ng mga pari na nakadistino sa bawat bayan na hindi na paring sundalo ang gagawa.

Muli kaming nanawagan sa mga kabataang estudyante at mga magulang na umiwas kapag kunan sila ng impormasyon hinggil sa rebolusyonaryong kilusan at huwag magtiwala dahil pinupunduhan sila ng taga-Filminera Resources Corporation.



Isaulog ang ika-45 Anibersaryo ng NPA sa Pilipinas ug ika-30 tuig nga pagpundar sa Masbate

Kabahin sa umaabot nga pagsaulog sa ika-45 Anibersaryo ng NPA sa tibuok nasud. Magasaulog usab sa ika-30 nga pag-abante sa rebolusyon ang mga kasama ug masa sa probinsya ng Masbate.

Mahinumduman nga 3 lang nga membro sa NPA ang gisugdan para maipundar ang kalihukan sa probinsya. Ug tungod sa maayong tumong, nga pagtabang sa mga dinaogdaog wala mulampos ang mga militar ug pulis para sumpuon kini.

Hinuon, mas mikusog ug padayon kining mikaylap ug milambo nga karon nagsilbing sandigan ug tigpanalipod sa mga Masbatenyo isip bag-ong sundalo sa katawhan. Sulod sa tuig 2012 – 2013, nakahimo kini ug 93 nga nagkalainlaing klase sa operasyong militar. Ug miabot sa 34 nga nagkalainlaing mga armas ang nakuha para maidugang sa pwersa sa probinsya.

Puno sa kadasig ang tanan nga membro sa Jose Rapsing Command ilawom sa pamunuan ng Partido. Ug hugot nga misunod sa tanan nga direktiba gikan sa pamunuan nga walay pagduha-duha. Pagsubay sa hustong linya, sa prinsipyong gilatid para makabot ang kadaugan sa pakigbisog nga karon gipaningkamutan nga makumpleto ang mga gikinahanglan para mahingpit ang patas.

MGA BALITA

Dalawang armas kinumpiska sa mga kasapi ng Jose Rapsing Command, BHB-Masbate

Marso 1, 2013 ay isinagawa ng mga kasapi ng Jose Rapsing Command ang pag-reyd para makumpiska ang isang M16 armalite at isang kalibre 45 na pistola. Kasabay nito ang maraming magasin na puno ng mga bala ng M16, M14 at kalibre 45 na ginagamit sa pananakot at pang-aabuso ng mga goons sa taumbaryo.

Magugunita na kinailangan pa na magsuot ng uniporme ang mga kasama para lang maiwasang magkabarilan dahil sa grupo ng mga goons na nakatira sa sityo Natabunan, barangay Dayhagan sa bayan ng Aroroy. Malakas ang loob ng mga goons dahil hawak sila ni Mayor Capinig ng nasabing bayan at mismong ang munisipyo ang nag-alukar ng payrol sa kanyang mga goons at pinupunduhan ng Filminera Resources Corp. sa pangunguna ng mag-asawang Nathan at Marivic Gracio.

Ayon sa kanila wala silang kinatatakutan dahil amuhan nila ang pinakamataas na opisyal ng munisipyo na siyang tanging kinikilala nilang amo at may pahintulot ang kanilang mga armas sa mga army at pulis para gamitin laban sa mga kasapi ng bagong hukbong bayan.

Matapos ang nasabing reyd ay nagpasalamat ang kanilang mga kababaryo dahil makakatulog na sila ng tahimik at hindi na mabiktima sa mga pang-aabuso sa grupo ng mga goons na binigyang-babala ng mga kasama matapos makumpiska ang kanilang mga armas.

Ahente san militar na nagkunwaring NPA, ginparusahan

Alas 12 san udto sadtong Enero 10, 2014 wara makasibat si Rolly Sakopon alyas "Kumander Bebar" sa barangay Lahong, San Fernando, Masbate. Dihang surpresa ini na gin atake agod parusahan mentras nagbisita sa iya kabit na babaye sa amo na lugar. Nangagaw pa kunta ini sin armas sabay dalagan pero naputukan kag wara na makapalagyo pa.

An nasabi na ginparusahan bataan ini ni Mayor Endrico Capinig sa bayan ng Aroroy. Nakilala niya ini sa Manila pero taga-Lipata, Bulan, Sorsogon si kumander Bebar. Nagka-igwa sin mga kabit na sa iba-iba na lugar na ginagamit niya na impormante kontra sa kilusan.

Sadtong buwan san Mayo 2013, medterm eleksyon, nagkunwari

an grupo ninda na mga membro san NPA kag may mga nabiktema sinda na mga pulitiko agod magbayad sin Access Permit. Naghatag sin armas na ginagamit ninda sa malain na trabaho.

Usad pa sina na beses sumulod sa kapitolyo si Bebar sukbit ang kalibre 45, wara sin mga nagtandog sa iya kay kilala siya na ahente san mga militar.

Si Rolly Sakopon na gumagamit sa pangaran na "Kumander Bebar", halaba na an pnahon san inda operasyon kag permi siya kaupod ni Mayor Capinig sa iya mga kampanya panahon san eleksyon. Pero pagkatapos, talagsad nala siya naga-report kag pukos naman niya ang surbelans para mabiktema an mga kasama. Naga-kunwari siya na paragbulong para makalibot sa bukid kag mismong an mga kasama pa gayud ang gusto niya patuodon na pabor siya sa NPA kag nagabulig daw siya.

Amo na ginpasubaybayan kag nakilalhan kung ano na klase san tawo siya. Ipinaidarom sa hukumang bayan kag napamatuodan an iya mga kaso kag na desisyunan san silot na kamatayan. AK

Tatlong platoon ng army nag-operasyon para bantayan ang mga koreanong tauhan ng FRC

Muling pinatunayan ang sabwatan ng Filminera Resources Corporation (FRC), army at pulis matapos sila gumamit ng 3 platoon na umabot sa 67 elemento na kasapi ng Philippine Army. Nag-operasyon ito para bantayan at hawanin ang posibleng pagpigil ng kilusan para hindi tuluyang makaakyat sa mabundok na bahagi ng barangay Madao sa bayan ng Uson ang empleyado ng FRC para kumuha ng sampol sa minerals na nakadeposito sa nasabing lugar.

Ngunit hindi pa rin nakakuha ng tubig at mga bato ng tinutulan ito ng mga barangay opisyal kahit may pamimilit na kasabay pa ang eskort na mga pulis para sana magawa ang kanilang layunin. Subalit nanindigan pa rin ang mga opisyal sa barangay na hindi maaari at binantayan sila kaya bumaba nalang ito. Dumaan sa bayan ng Uson para kunwari magkortisiya sa mayor na hindi naman sila hinarap.

Matatandaan na noong Enero 25, 2014 ng hapon, nagpadala ng isang platoon na may 20 elemento na kasapi ng army bilang advance clearing. At para sa pagpasok ng mga koreano na tauhan ng Filminera Resources Corp. sa bulubunduking bahagi ng mga barangay Simawa at Madao na saklaw sa bayan ng Uson.



Kinabukasan, Enero 26 ng madaling araw ay bumaba na sa sentro ng barangay Simawa ang isang platoon galing sa bulubunduking bahagi ng sityo ng barangay Simawa. Pagsapit ng alas 9 ng umaga dumating ang isang hi-luxe lulan ang dalawang koreano na may kasamang mga armado sa kanilang sasakyan na tumuloy sa barangay Madao. Bandang alas 10 ng umaga, dalawang platoon ang pumalo sa barangay Libertad katabing baryo ng Simawa at Madao. Ang isang platon ng Philippine Army na may 23 katao ay pumwesto sa sentrong baryo ng nasabing barangay habang ang isang platoon na may 24 katao ang nakita ng mga residente na pumwesto naman sa Sityo Dongdong, Barangay Libertad katabing baryo ng Bonifacio at Simawa.

Matapos bumaba ang sasakyan ng mga koreano na empleyado ng FRC ay nagsiuwian din ang 3 platoon ng mga army sa kanilang baraks. Ang presinsya ng mga militar sa nabanggit na lugar sa panahon ng pagpasok ng mga banyaga na mga empleyado ng FRC. Malinaw na nagpapakita ng sabwatan sa dayuhang kompanya ng pagmimina at ng reaksyunaryong gobyerno na pinamumunuan ng mga magnanakaw, kurakot at mga mandarambong. AK

Impormer sa militar nasilutan sa Burias

Alas 7:30 sa buntag niadtong Pebrero 12, 2014 nasakpan ang impormer nga si Jun Alim, 44 anyos taga-Sityo Ilawod, barangay Poblacion 1, Claveria.

Mahinumduman nga usa sa iyang bog-at nga kaso isip impormer mao ang nahitabong pangubkob ug pinusilay niadtong Setyembre 20, 2013 sa Sityo Kipoto, barangay Buyo, Claveria.

Kaadlawon pa dinhang gikubkob sa mga pulis ang balay nga gigikanan sa iskwad nga membro sa Jose Rapsing Command. Tungod wala maabte, kumpiyansa na kini nga nanlakat para mupauli sa munisipyo.

Apan pag-abot sa Sityo Kipoto, baryo sa Buyo duol nalang sa balay nga gipahuwayan sa mga kaubanan, nangandam kini ug giunahan na ang mga membro sa Public Safety Battalion kakumbina ang mga pulis sa Claveria.

Diha-diha dayon namatay si Po1. Randolf Aligre ug grabing nasamaran si Po1. Donald nga gidali sa pagdala sa ospital mentras wala'y problema nga nakaatras ang mga kasama. Ug para pagawason nga dile sila ang unang nang-atake sa mga kaubanan ug makalikay sa kaowawan, gibalita nila sa publiko nga bantay lang sila sa magtanom ug kahoy sa barangay Canumay, sakop sa Claveria.

Isnayp laban sa pinagsanib na tropa ng army at pulis sa isla ng Ticao

Habang nasa bulubunduking bahagi ng isla ng Ticao ang operasyon ng mga tropa ng pinagsanib na army at Public Safety Battalion (PSB) ay lumantad ito sa barangay Tuguron, Monreal. Kung saan, bago pa ito makarating sa nasabing barangay ay may 2 bahay ang kanilang winasak na pagmamay-ari nina Romeo Alipin at Mimi Duano at pilit na ginawang giya ang masa patungo sa baryo.

Alas 4 ng hapon noong Pebrero 25 ng kasalukuyang taon, habang ang isang iskwad ay naliligo sa dagat at ang iba pa nitong kasamahan ay nag-iinuman sa bahay ni Pal Duano. Dito sila natiyempuhan sa nagsusubaybay na isnayper, kung saan isang elemento ang maswerting taplis lamang ang tama ng maputukan.

Dahil sa pagkabigla, ay nagkanya-kanyang takbuhan at tago ang nasabing tropa ng kaaway. Umabot muna sa sampung minuto bago sila nagka-asembol. Bandang ala-una ng madaling araw ay pumalaot na ang mga ito patungong barangay Cantorna at bumalik na sa kanilang head quarter sa lungsod ng San Jacinto. Ang pinagsanib na tropang ito ay nasa ilalim ng Task Force Masbate na pinamumunuan ni Lt. Col. Samuel Felipe.

Ang nasabing pang-iisnayp ay babala sa lahat ng tropa ng kaaway na hindi na uulitin pa ang ginawang panggugulo sa mga sibilyan at pag-ooperasyon saan mang bahagi sa probinsya ng Masbate. Sapagkat, sigurado lamang na sila'y mapapahamak kung patuloy nila itong gawin dahil gagawin ng BHB-Masbate ang lahat upang mapangalagaan ang masa.

Bats ng IKP sa taong 2014, matagumpay na nailunsad

Sa pagtutulungan ng sangay ng Partido sa lokalidad, Demokratikong Pamahalaang Bayan, Milisyang Bayan at sa pamumuno ng Komite ng Partido sa teritoryo. Matagumpay na nailunsad ang bats ng Intermidyang Kurso ng Partido (IKP) na dinaluhan ng 23 kadre ng Partido na mula sa ibat ibang lugar ng Probinsya ng Masbate at mula sa Kadreng lokal sa lugar na pinaglulunsaran.


Sa loob ng mahigit isang semana natapos ang nabanggit na aktibidad sa pagtutulungan ng mga Instruktor, mga Estudyante, mga taguyod sa seguridad, sa mga taga-kusina at mga masa sa lugar na pinaglulunsaran.

Masigla ang mga estudyante at mga kasama't masa sa kani-kanilang mga partisipasyon sa nabanggit na aktibidad upang matagumpay na makapagtapos ang mga dumalo sa pag-aaral. Dahil alam ng bawat isa na mahalaga ito sa pagkamit ng

pambansang panawagan na kamtin ang estratehikong pagkapatas mula sa estratehikong depensiba at kamtin ang pagtatagumpay ng unang yugto sa pambansa demokretikong rebolusyon upang lumaya sa pagsasamantala't pang-aapi ng tatlong salot sa lipunan (Imperyalismong Estados Unidos, Burukratang Kapitalismo at Pyudalismo) na malaon ng bumibiktema sa sambayanang Pilipino.

Masigla rin ang kilusang masa sa mga suporta nila tulad ng gulayin, mga duma at iba pa para di magutom ang mga estudyante. At relyebo din ang bawat tim ng mga MB sa pagtataguyod sa seguridad para masiguro ang kaligtasan ng lahat.

Sa bawat sesyon sa umaga bago pumalaot sa talakayan, binabasa ang mga pagtatasa ng bawat grupo sa layuning mas mapa-unlad pa ang bawat araw ng bawat grupo sa pagharap sa kanilang tungkulin sa aktibidad at di mawawala ang kulturang



presintasyon ng bawat grupo at ang kanilang pagbabalita sa sitwasyon ng probinsya, sa bansa at sa buong mundo at lalo na ang kalagayan ng panahon. Naging masaya ang lahat sa pagharap ng kanilang pag-aaral at napanday ang kolektibong kaalaman ng bawat grupo ng mga mag-aaral.

Sa pagsisimula at pagtatapos ng pag-aaral sabay-sabay na inaawit ng mga estudyante, instruktor at mga kasama ang internasyunale bilang palatandaan ng pagsisimula't pagtatapos ng aktibidad. Naglulunsad ng programa at mga presintasyong kultural sa araw ng pagtatapos.

Dagdag na naman itong tagumpay ng masang Masbatenyo at masa ng sambayanang Pilipino. Dahil ang mga bagong nagtapos ay malaking ambag sa mga rebolusyonaryong gawain na sinusulong ng Partido at dagdag na mamumuno sa komprehensibong gawaing rebolusyonaryo sa probinsya ng Masbate. Na mahigpit na naunawaan ang MLM at mahigpit nilang niyayakap sa pang-araw-araw na komprehensibong gawain ng rebolusyon.

Drug pusher nga membro sa intellegence patay sa ambush

Namatay ug wala na makaikyas pa si Michael Beltran Matayola human maambush sa may tulay ubos sa Sityo Crossing, Cabangcalan, Placer niadtong Marso 1, 2014 alas 5 sa hapon. Milayat kini sa gisakyang habal-habal ug mudagan unta pero human sa unang boto nga miigo sa iyang gilid nga hinungdan sa kalit nga pagkaurong sa ilang gisakyan wala na siya makasibat.

Gipasagdan nalang sa mga kaubanan nga midagan ang iyang kabit nga kuyog sa pagdeliver sa mga drugas. Wala usab madamay ang habal-habal driver nga ilang giakupar nga apil sa midagan.

Ang nahisgutang namatay nga si Michael Matayola, usa ka aktibong drug pusher nga nagbiktema sa mga kabataang estudyante, istambay ug sa mga negosyante tungod sa iyang ginapamaligyang shabu.

Kining maong intellegence nga drug pusher naggikan sa Cebu ug nag-istar na sa barangay Mahayahay, Cawayan ug nakapangasawa sa maong lugar. Nahimong tanod ug walay kahadlok nga magduso sa shabu tungod konektado sa mga militar ug pulis isip usa nga membro sa intellegence.

Nagpasalamat ang mga kasama sa ubang mga pulis, pamilya sa biktema ug pamilya mismo sa iyang asawa, nga wala nila ginkunsinte ang dautang binuhatang gihimo ni Michael nga nagpahibalo sa impormasyon ug mihangyo sa NPA para silutan kini. Para mahatagan usab ug hustisya ang ilang nabiktema ug magsilbi kining pasidaan sa uban pa nilang kaubanan nga dile na ipadayon ang dautan nilang binuhatan.

Andam ang Jose Rapsing Command CPP-NPA, Masbate nga hatagan sila ug higayon sa pagbag-o ug manginabuhi sa tinarong nga pamaagi.

Martsa-rally kasabay sa pagdiriwang sa araw ng kababaihan, ginanap sa syudad ng Masbate

Kasabay sa pagdiriwang sa araw ng kababaihan noong Marso 7 ng kasalukuyang taon ay nagdaos ng martsa-rally ang mga kababaihan. Kasali rito ang mga peoles organization na nasa ilalim ng Masbate Peoples Organization (MAPO) at lahat ng sektor sa probinsya ng Masbate.

Kung saan, bago pa maidaos ang nasabing martsa-rally ay nagkaroon ng karabana ang 33 na malalaking sasakyan galing sa 3rd district mula sa Buenavista, Uson patungong Masbate City. At dito na sumalubong ang iba pa na mga sasakyan at dadalo mula sa 1st district at 2nd district, nagparada ito sa sentro ng syudad at saka tumuloy sa freedom park para sa programa.

Dinaluhan ito ng 21 na mga speaker na pinangunahan sa taga-region at 10 pagtatanghal na naglalarawan sa kahirapan at kapabayaan ng rehimeng Aquino. May mga nagsalita rin kaugnay sa isyu ng korapsyon, kahirapan at kawalan ng aksyon dito at ang pinakatampok ay ang pagbatikos sa sabwatan ng Filminera Resources Corp., army at pulis para kamkamin ang yamang minerals at dalhin ng dayuhan patungo sa kanilang bansa.

Umabot sa 5,000 ang dumalo sa nasabing okasyon na inilunsad sa freedom park, maliban dito nagtipon at nagdaos din ng rally at programa sa action center ng barangay Talisay, San Fernanado sa isla ng Ticao ang mga taong wala ng masakyan papunta sa syudad na umabot din sa 1,500 ang dumalo sa araw ding iyon. Kung saan mas pinaaga ito, na dapat sana`y sa Marso 8 ngayong taon ito idinaos.

Kultura

Ang Kasamang Bayani sa Suba

Panahon ng bakasyon noon, Disyembre 26, 2008 ng anyayahan ako nang aking tiyahin na dumalo sa Anibersaryo ng Partido. Sapagkat nag-aaral pa ako noon sa high school hindi ko pa naranasan ang makadalo sa ganitong aktibidad lalo na't hindi pa masyado napapasok ng mga kasama noon ang lugar kung saan ako nag-aaral. Unang pagkakataon ko para makadalo at nakakilala ng mga kasama at masa. Iyon din ang unang pagkakataon na nakilala ko si Ka Renan.

Nagsasanay sila noon sa pagkanta bilang partisipasyon nang kanilang grupo. Dahil sa "Higit na Matatag" ang kanilang pinapraktis na kantahin at ang isa nilang kasamang lalaki na kasabay sa pagkanta ay hindi nabibigkas ang salitang "Higit" at "igit" ang kanyang nabibigkas kaya di maiwasan na sila'y mapatawa habang kami ay nakikinig sa kanila at napapangiti lang sa tabi.

Naalala ko pa na tinatakpan ni Ka Renan ang kanyang baba sa tuwing nagpapraktis sila sa kanta dahil sa nahihiya siya lalo na't dalagang kasama ang nagtuturo sa kanila. Kaya naman nang makatapos na ako ng high school at pinaki-usapan ang aking mga magulang ng mga kasama na kung pwedi maging ka buddy muna ako sa isang kasamang babae laking tuwa ko at pumayag naman ang mga ito.

Palagi ko siyang binibiro sa tuwing nagkikita kami, wika niya, ang tagal na nun hanggang ngayon di mo pa pala nakakalimutan yon? Saka sabay tawa, hindi naman sya nagagalit sa akin. Dito ko rin sya mas na nakilala. Sya'y tubong Cawayan, Masbate, pangatlo sa pitong magkakapatid at panganay na lalaki sa pangalawang asawa ng kanyang ama. Mapagmahal sya sa kanyang magulang at mga kapatid pero syempre pag may nakita syang kamalian sa mga ito ay di rin pinapalampas. Ika nga sa isa sa kanilang kapit-bahay na pagbumibisita ito at nandiyan ang ama sa kanilang bahay ay pinagsasabihan ito lalo na pag hindi pa naka-pananim at kung wala naman ay hinahanap na naman dahil sa nag-aalala sapagkat mahilig din kasing uminom ng alak ang kanyang ama. Tumutulong din sya sa pangkabuhayan ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng pinaaalagaan niyang baboy kahit na nasa kilusan na sya.

Paminsan-minsan din kami nilang nagkaka-regrupan para sa trabaho. Palagi siyang tumulong at aktibo rin sa gawain sa panahong may mga pag-aaral o anu pa man ang mga kasama. Kung nasa postehan o maging sa

kusina ay hindi sya nagpapabaya kahit na sa ibang mga bagay ay may mga kasamang hindi nya nakakasundo pero napapag-usapan naman ito.

Naging katuwang narin sya ng mga kasama sa ispesyal na trabaho. Ngunit dahil sa nasa gawaing masa sya napapaloob di maiwasan na na-bo-boring sya sa panahong kumakalas sila sa kanilang yunit para sa paggampan sa trabahong naiatas sa kanya at sa namumuno sa kanilang yunit. Lalo na pag-umaalis din ang kanyang kasama para din sa ibang trabaho kaya siya lang mag-isa minsan ang naiiwan sa kanilang base. Kaya sa ganitong sya lang ang naiiwan ay umuuwi sya sa bahay ng kanyang magulang tuwing magtakip-silim upang doon makikitulog at sa madaling araw ay bumabalik naman sya sa kanilang base sapagkat malapit lang naman ito sa tinatrabahuan nila. Pero pagkatapos naman sa kanilang ispesyal na trabaho, muli naman silang lumulubog sa kanilang yunit para naman sa pangangasiwa at sa paggampan ng iba pang trabahong nakatakda.

Hunyo 1, 2012 nang magkaroon ng pag-aaral sa Intermedyang Kursong Pampartido (IKP) ang mga kasama. Isa si Ka Renan sa naging estudyante kasabay na rin ako sa labing-apat na mag-aaral. Ang saya ng mga kasama, tila ibon na nag-aawitan sa sobrang kagalakan sapagkat muli na naman kaming nagkakita-kita. Kaya kahit sa panahon ng paggampan nang bawat grupo sa nakatukang gawain para sa pagluto, pag-igib ng tubig at pagkahoy sa umaga ay nagbibiruan kami maging sa oras ng kainan, na ang iba dahil sa sobrang pagtawa ay halos mabulunan at maging sa panahon din ng sesyon. Biruan sa pamamagitan ng pick-up lines na isa si Ka Renan sa biniro na “plastik ka ba?” sagot naman nya ay ‘kawayan’ po ako kaya dinudugtungan ko naman na may kasabay bang tali? Kaya bigla na namang magtawanan ang mga kasamang nakikinig dahil sa napakahilig ng kanyang ama magpalipad ng saranggola gaano man ito ka busy sa trabaho kaya siguro ito ang naging dahilan para maging palayaw ng kanilang pamilya ang saranggola.

Mas lumala pa ang biruan lalo na sa kanya ng matapos ang paksang IPO (ideolohiya, pulitika, organisasyon) at mag-recap ang bawat grupo. At nang sya na ang mag-recap sa kanilang grupo, sapagkat paulit-ulit syang magpaliwanag at di agad nadudugtungan. Nang sabihin nyang “kaya pagdating ko sa mga masa pwedi ko nang ipalabas ang aking dala-dala” at matagal bago nadugtungan kaya nagtanong ang isa sa kasamang babae kung “ano bang dala-dala ang tinutukoy mo na ipapalabas mo pagdating sa mga masa? Yon pala ay kung ano yong natutunan nya sa aming pinag-aralan kung paano nya ma-ipamahagi sa masa.

Nang matapos ang aming pag-aaral, Hunyo 12, 2012 ay isa rin sya sa nagtalumpati. Biniro pa nga namin na dapat ay kakanta sya ngunit umayaw ito. Kinakabahan daw sya at parang di daw nya kakayaning kumantang mag-isa. Ngunit nung matapos syang magtalumpati at patapos na rin ang programa ay biglang nagsabi ang katabi nyang kasamang lalaki na kakantahin daw nilang tatlo ni Ka Renan ang kantang gusto nitong awitin at pagtutulungan nila para lang makanta ito.

Akala namin kung ano ang gusto nyang awitin, yon pala ay ang “Awit kay Bambi” isang awit parangal sa mga bayani’t martir na kasama. Hindi namin lubos maisip na isa na pala ang sarili nya sa panahong iyon ang pinaparangalan nya. Nang matapos ang kanilang pagkanta ay sabay-sabay pa silang sumigaw ng “Mabuhay ang Pilipinas” ng napakalakas na ha-los ikahulog sa dalawang kasamang babae sa inuupuang kahoy sa sobrang pagkabigla.

Pagkatapos sa programa ay agad kinausap nang kasamang namumuno sa amin ang kanilang grupo para sa kanilang pag-abante pagkagabe. Kaya nang matapos ang kanilang pag-uusap ay humingi nang supply si Ka Renan sa S/4 (nangangalaga sa supply) sapagkat kukulangin na ang kanilang opex kung bibili pa sila para sa kanilang mga pangangailangan habang may supply pa naman. Pagkatapos, mga 5:30 pm ay naghapunan na ang kanilang grupo. Magkasalo pa silang kumakain habang nagbibirua’t nagtatawanan. Iksaktong 6:30 pm ng magtakip-silim ay umabante na nga ang kanilang grupo. Nakipag-kamay


pa sila sa mga kasamang maiiwan, habang ang palagi naman nyang paalam sa mga kasama ay mauna na raw sya. Kaya tanging kasagutan naman naman namin ay “sige ingat lang po kayo”.

Ang ngiti sa mga labi sa mga kasama ay hindi inaasahang agad na mapawi. Nang biglang makatanggap ang namumuno sa amin ng text mula sa CO sa grupo nila Ka Renan at ang laman ng text ay nalunod daw sila sa sinasakyan nilang flat boat (isang sterofoam o ches na may tali ang bawat dulo na nakatali naman sa magkabila ng parti ng suba) at hindi pa nakikita si Ka Renan. Bigla kaming kinabahan sapagkat alam naming hindi ito marunong lumangoy.

Agad-agad namang nagre-impors ang nasa pamunuan kasama ang medical officer at iba pang kasamang marunong lumangoy. Habang ang nag-CO sa grupo nila doon sa suba ay humingi ng saklolo mula sa mga masang medyo may kalayuan pa nga sa pinangyarihan habang ang iba ay sya namang naghahanap sa kasamang nalunod. Ngunit dahil sa wala silang malaking flashlight kung mayroon man ay ang sa ligthter lang kaya madilim at hindi na nila naaaninag ang kasama. Buti nalang ng dumating ang mga masa at natulungan sila sa paghagilap, pero halos umabot sa isa’t kalahating oras bago nakuha ng isa sa mga masa si Ka Renan.

Isinakay sya sa sakyanang dagat para madala sa tabi o gilid ng suba. Agad inaplayan ng heart massage, kinulob para mailabas ang tubig na nainom ngunit dahil sa hindi naman sya huminga sa ilalim ng tubig kaya dugo ang lumalabas sa kanyang ilong at mga mata dahil sa pumutok ang mga maliliit na nerbo sa tagal na hindi nya paghinga. Kaya ng magtanong ang isang kasamang lalaki na kasabay sana nya sa pag-abante kung ano na? Ngunit napailing ang medical officer at ang sabi ay wala na sya. Biglang napaiyak ito kasabay ang CO sa kanilang grupo na halos hindi na kayanin pang tumayo ng huli dahil sa sobrang paghihirap dulot sa pangyayaring aksidenting hindi inaasahan ng mga kasama.

Dinala si Ka Renan pabalik sa base kung saan sila umalis. Halos hindi ako makahinga ng biglang sumigaw ang anak ng masa na dalaga na may binubuhat na tao na nakalagay daw sa duyan, biglang sumagi sa isipan ko si Ka Renan. Nang bumaba ako mula sa itaas ng bahay ng masa ay nasalubong ko naman ang isang kasamang babae na umiiyak, nang tanungin ko kung bakit ay bigla nalang nya akong niyakap hanggang sa mapaupo kami sa upuang kawayan at sinabing wala na si Ka Renan. Kaya naman hindi ko rin napigilang umiyak sa sinabi nya. Nang kumalas ang pagyakap nya sa akin ay pinuntahan namin ang kasama kung saan sya ay pinahiga, hindi ko lubos maisip na yon ang magiging kapalit sa hindi magkamayaw na kasiyahan ng mga kasama. Lumabas ako ng bahay at ang tangi nalang nasambit ay “kasama ika’y bayani para sa amin at sa maraming masa, asahang ika’y hindi maging kahinaan kundi inspirasyon para ipagpatuloy ang gawaing iyong nasimulan hanggang sa aming makakaya”.



Maraming salamat sa iyong masasayang alaalang iniwan. Mananatili itong buhay sa puso‘t isipan ng mga kasama at malawak na masang ating taos-pusong pinaglilingkuran! Isa kang tunay na bayani sa ating Inang Bayan at sa Sambayanang Pilipino!

MABUHAY KA KASAMANG RENAN!!! 

TULA

"KAHIRAPAN"

Isang dahilan ng ating kahirapan ang mga tiwaling opisyal ng bayan bulsa nila ang lubos na yumayaman habang naghihirap ang taong bayan

Pagmasdan ninyo ito mga katuto ang mga kabalbalang ginagawa ninyo habang kayo'y nasa pwesto lumalaki ang inyong mga ulo

Kahirapan, may pag-unlad ba tayong nararanasan? wala, dahil kayo'y ganid sa yaman uupo lang at nagpapalaki ng tiyan

Ito lang ang aking kinatatakutan baka sa bandang huli anak mo at anak ko maging biktema rin sa **KAHIRAPAN!**





KANTA

Tayo'y Narito

Naalala mo ba kasama?
Simula ng pakikibaka
sa hirap at pagdaluyong
pagsabay sa panahon

Apat napu't limang taon
nating isinusulong
digmang bayan
patuloy sa pagyabong

Niyakap mo pang sandata
kasabay ng ating panata
paglingkuran ang bayan
hanggang katapusan

Koro1:

Pagkakamali ng kahapon
iwawasto ng pagbabangon
tayo'y narito patuloy
sa pagsulong

Wag mong kalilimutan
ang ating kasaysayan
iyong alalahanin
ang sinimulan

Koro2:
Tayo'y nagwawasto
tayo'y narito
patuloy sa paglaban

Niyakap mo pang sandata
kasabay ng ating panata
paglingkuran ang bayan
hanggang katapusan

Koro1:

Pagkakamali ng kahapon
iwawasto ng pagbabangon
tayo'y narito
patuloy sa pagsulong

Wag mong kalilimutan
ang ating kasaysayan
iyong alalahanin
ang sinimulan

Koro2:

Tayo'y nagwawasto sa
gitna ng digmaan
tayo'y narito
patuloy sa paglaban
(ulitin ng dalawang beses)

Naalala mo ba kasama(2x)

